International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

# Vocabulary Skills of Grade 8 Students as Basis for the Development of Booklet for Filipino Vocabulary Learning

**May Ralyn D. Hermonio[1], Gracelyn C. Altaya[2]**

[1]Department of Education, Koronadal National Comprehensive High School, City of Koronadal, South Cotabato, Philippines
Email: mayralynhermonio@sksu.edu.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Philippines
Email: gracelynaltaya@sksu.edu.ph

**Abstract**

Enhancing students' vocabulary helps in developing clear and right connection of ideas in communication. This study aimed to determine the level of proficiency in Filipino vocabulary of Grade 8 students at Koronadal National Comprehensive High School for the academic year 2024-2025, basis for developing a booklet that will contain vocabulary enhancement methods such as Anagram, Code Breaker, Context Clues, Hyponym, and Lexical Analysis to improve vocabulary learning. The research problem focuses on the lack and weakness of students in defining or interpreting words and statements in Filipino with proper understanding. Using Descriptive-Developmental design, the study employed descriptive statistics, t-test, and a five-point rating scale to analyze the data. The respondents were chosen using Total Enumeration and was assessed using test that contains denotation and connotation questions. Based on the result, a booklet was developed and assessed by the expert teachers using evaluation tool to determine the validity and acceptability. Results displayed that the level of proficiency among students in Filipino vocabulary is very low while the validity and acceptability of booklet is very high. Overall, the study concludes that the booklet (TalasaPamamaraan) is a valid and acceptable tool for teaching and learning process. The output of the study may serve as instructional material for developing teaching and learning strategies in vocabulary enrichment.

*Keywords: assessment, acceptability, booklet, TalasaPamamaraan, teaching and learning tool, validity, vocabulary enrichment, vocabulary skills*

## PANIMULA

Ang pagpapalawak sa talasalitaan ng isang mag-aaral ay nakatutulong upang malinang ang mga makrong kasanayan lalong lalo na sa pagsasalita, pakikinig at pagbabasa. Para muling makabangon ang edukasyon sa panahon ng pandemya, ang *United Nations Children's Fund* (UNICEF) ay nagpalabas ng pamamaraang magpapatuloy ng paglinang sa kaalaman ng maraming kabataan. Kinakailangang maghanap at magplano ng mga estratehiya sa pagsasagawa ng pagkatuto gaya ng pansariling pamamaraang pagkatuto. Isinasaad naman ng balita ng *World Bank* ang tungkol sa 91% na lebel ng kawalang kakayahan sa paglinang ng kaalaman ng bansa. Nagpapahiwatig itong 9 sa 10 na batang Pilipino ay nagkakaroon ng problema o kahinaan sa pagbabasa nang walang pag-unawa kahit sa simpleng teksto sa edad na 10.

Mula sa itinaguyod na *assessment* ng *Organization for Economic Cooperation and Development* (OECD), lumitaw sa kinalabasan, ang mga estudyante sa bansang Pilipinas ay nagkamit ng bagsak na marka mula sa 79 na bansa dahil sa kakulangang kakayahang komprehensyon, Lacuata (2019). Nakapaloob sa resulta ng isinagawang *assessment* na 340 na puntos ang nakuha ng estudyante galing sa bansang Pilipinas, mas bagsak sa 487 na markang nakuhang pagtataya na itinaguyod ng PISA noong taong 2018.

Bilang tugon sa suliranin sa pagbasang may pag-unawa sa Pilipinas, nagpalabas ng memoranda mula sa *Central Office* ng Departamento ng Edukasyon sa *Regional Office* hanggang sa bawat dibisyon sa bansa. Kaya naman, ang Dibisyon ng Koronadal ay nagpalabas ng memorandum na nagsasaad ng pag-obserba, interbensiyon sa pagbasang may pag-unawa at numerasi maging ang Brigada Pagbasa. Kaya ang Dibisyon ng Koronadal kung saan kabilang ang Koronadal National Comprehensive High School - JHS na pinagtuturuan ng mananaliksik ay tumugon sa ipinalabas na memorandum dahil sa mababang literasi ng mga estudyante lalong lalo na sa Baitang 8. Masisipat sa resulta ng *Mean Percentage Score (MPS)* noong nakaraang taong panuruan 2023-2024 sa mga isinagawang pagsagot sa Markahang Pagsusulit ng mga estudyante ay lumalabas na ang *least learned competency* na may pinakamababang porsiyento ay ang pagpapakahulugan sa mga salita kahit na sa simpleng pagtukoy ng kasingkahulugan at kasalungat lamang nito.

Bagaman may mga isinagawang pag-aaral sa talasalitaan tulad ng epekto ng kakulangan sa bokabularyo, kahalagahan sa paghubog ng kakayahang pagpapakahulugan, pagbibigay halaga sa mga pamamaraang pantalsalitaan (Hunt at Feng, 2016; Valdez, 2016; Widiastuti, 2011; Vossoughi at Zargar, 2009; Abueva 2013; at Zawadka, 2021). Batay rito, wala pang pananaliksik na pamamaraan na makatutulong sa mabisang pagkatuto ng talasalitaan o kakayahang bokabularyo ng mga estudyante. Dahilan ito upang ang tagapagpanaliksik ay nagtaguyod ng pagsisiyasat na kakikitaan ng layuning tukuyin ang antas ng kasanayan ng estudyante sa pagkatutong pambokabularyo sa Filipino bilang batayan sa pagbuo ng Booklet para sa pagkatuto sa talasalitaan upang mapalawak ang kakayahang bokabularyo pagdating sa pagpapakahulugan ng mga pahayag maging salita.

Pangunahing layunin ng pananaliksik ang matukoy ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng estudyante sa Baitang 8 bilang batayan sa pagbuo ng *Booklet*. Ispesipikong nilalayon ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng KNCHS batay sa:
    1.1. Pagpapakahulugang Denotatibo at;
    1.2. Pagpapakahulugang Konotatibo?
2. Ano ang antas ng baliditi ng nabuong *booklet* batay sa:
    2.1 nilalaman;
    2.2 disenyo at organisasyon ng kagamitan;
    2.3 kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan;
    2.4 pagtatasa;
    2.5 kakayahang mabasa at;
    2.6 sanggunian at pinagmulan ng sipi?
3. Ano ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro ayon sa:
    3.1 layunin;

3.2 nilalaman;
*3.3 format;*
3.4 presentasyon at organisasyon at;
3.5 pagsasanay?

4. Ano ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa:
   4.1. layunin;
   4.2. nilalaman;
   *4.3. format;*
   4.4. presentasyon at organisasyon at;
   4.5. pagsasanay?
5. May makabuluhang kaibahan ba sa akseptabiliti ng mga guro at mga mag-aaral sa nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto?

## METODOLOHIYA

### 2.1 Disenyo

Disenyong pamamaraang deskriptib-debelopmental ang nilapat sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ayon kina Estera at Marbella (2024) na gumamit ng ganitong disenyo ng pag-aaral, ang deskriptib-debelopmental ay naaangkop gamitin kung ang isang pag-aaral ay naglalayong malaman ang katangian o kasanayan upang makabuo ng isang awtput para sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang disenyong deskriptib-debelopmental ayon sa pananaliksik naman nina Cruz at Dizon (2021) na ibinatay sa apat na yugto ng deskriptib-debelopmental ni Ibrahim (2016) ay binubuo ng sumusunod: analisis, disenyo, debelopment at ebalwasyon.

### 2.2 Respondente

Kinabibilangan ng pananaliksik ang mga estudyante sa Baitang 8 bilang mga respondente na may kabuoang bilang na 92 mula sa mga seksyong *heterogenous* na isinagawa sa paaralang Koronadal National Comprehensive High School sa Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal.

### 2.3 Sampling Teknik

Sa pagtukoy ng mga respondente sa pananaliksik, ginamit ang *total enumeration*. Kaugnay nito, inihayag ni Arikunto (2002) na kapag ang populasyon ng mga kalahok ay mababa sa isang daan, higit na mabuting maging bahagi ng pananaliksik ang kabuoang bilang nito. Kung kaya, lahat ng mag-aaral sa Baitang 8 na nasa seksiyong Bayabas at Tsiko ay nagsilbing respondente ng pag-aaral na ito na may kabuoang 92 na bilang.

### 2.4 Instrumento

Pagsusulit ang pangunahing instrumento ng pag-aaral. Lumikha ng pagsusulit sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa bokabularyo sa Filipino 8 na nahahati sa dalawang bahagi; Pagpapakahulugang Denotatibo at Pagpapakahulugang Konotatibo na kung saan ay dumaan sa balididi at relayabiliti *test*. Bawat bahagi ay mayroong kaakibat na bilang ng aytem. Sa kabuoan ay mayroong limampung aytem ang pagsusulit. Ang mga pahayag o tanong na ginamit sa pagsusulit ay nagmula sa mga paksang nakapaloob sa Filipino 8 na ibinatay sa mga layuning makikita sa *Curriculum Guide* (CG) ng Departamento ng Edukasyon. Anim na dalubhasang guro sa Filipino na nakapagtapos ng masteral na digri sa pagtuturo sa Filipino ang nagsilbing

balideytor ng pagsusulit gamit ang *Content Validation Index* (CVI) upang masiguro ang balididiti ng bawat aytem, samantalang dumaan naman ang relayabiliti *test* sa mga mag-aaral na nasa Baitang 9.

Pagkatapos ay nagsagawa ng balidasyon at akseptabiliti sa *booklet* na kung saan naglalaman ng mga TalasaPamamaraan para sa pagkatuto ng talasalitaan sa pamamagitan ng *evaluation tool* na naglalaman ng mga pamantayan na hinalaw mula sa pag-aaral ni Francisquite (2011) upang masukat ang balididiti at pamantayang hinalaw mula sa pag-aaral nina Peteros (2022) at Literal (2023) upang masukat ang akseptabiliti nito bilang awtput ng pananaliksik. Ang mga pamantayang ito ay dumaan sa pagsukat ng balididiti gamit ang *Content Validation Index* (CVI) na isinagawa ng anim na mga dalubhasang guro sa Filipino na nakapagtapos ng Masteral na digri.

## RESULTA

Makikita sa Talahanayan 1 ang kinalabasan ng antas ng kasanayan sa bokabularyo. Lumabas na sa bahaging Pagpapakahulugang Denotatibo, ang kasanayan sa bokabularyo ng mga estudyante ay may *mean* iskor na 14.10 (SD=4.53) at sa bahaging Pagpapakahulugang Konotatibo ay may *mean* iskor na 10.63 (SD=3.99) na parehong nakakuha ng deskripsiyong napakababa. Sa pangkalahatan ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng estudyante sa Baitang 8 ay napakababa na may kabuoang *mean* iskor na 12.37 (SD=4.26).

**Talahanayan1. Antas ng Kasanayan sa Bokabularyo ng mga Mag-aaral sa Baitang 8**

| Bokabularyo | SD | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Denotatibo | 4.53 | 14.10 | Napakababa |
| Konotatibo | 3.99 | 10.63 | Napakababa |
| **Kabuoan** | **4.26** | **12.37** | **Napakababa** |

Masisipat sa Talahanayan 2 ang kinalabasan ng antas ng balididiti ng nabuong *booklet* batay sa pamantayang disenyo at organisasyon ng kagamitan maging ang kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan ay may *mean* iskor na 5.00 (SD=0.00), na parehong nakakuha ng deskripsiyong napakabalido. Gayundin, ang pamantayan sa nilalaman at pagtatasa ay may *mean* iskor na 4.95 (SD=0.11), sinusundan naman ito ng pamantayan na kakayahang mabasa na may *mean* iskor na 4.90 (SD=0.22) at ang panghuling pamantayan na sanggunian at pinagmulan ng sipi na may mean iskor na 4.80 (SD=0.45) na pare-pareho pa ring nakakuha ng deskripsiyong napakabalido. Sa kabuoan, ang antas ng balididiti ng nabuong *booklet* ay nakakuha ng deskripsiyong napakabalido na may kabuoang *mean* iskor na 4.93 (SD=0.15).

**Talahanayan 2. Resulta ng Antas ng Balididiti ng Nabuong *Booklet***

| Pamantayan | SD | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | 0.11 | 4.95 | Napakabalido |
| 2. Disenyo at organisasyon ng kagamitan | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 3. Kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 4. Pagtatasa | 0.11 | 4.95 | Napakabalido |
| 5. Kakayahang Mabasa | 0.22 | 4.90 | Napakabalido |
| 6. Sanggunian at pinagmulan ng sipi | 0.45 | 4.80 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | **0.15** | **4.93** | **Napakabalido** |

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang instrumentong pampagtuturo ng mga guro. Ayon sa layunin at presentasyon, maging ang organisasyon, ang mga ito ay may *mean* iskor na 5.00 (SD=0.00) na nakakuha ng deskripsiyong lubusang tinatanggap. Gayundin, ang pamantayang pagsasanay ay may *mean* iskor na 4.92 (SD=0.28), ang nilalaman naman ay may *mean* iskor na 4.88 (SD=0.33) at ang panghuling pamantayan na pormat ay may *mean* iskor na 4.86 (SD=0.28) na kung saan ang lahat ng mga ito ay may magkakatulad na nakuhang deskripsiyon na lubusang tinatanggap. Sa kabuoan, ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro ay may *mean* na 4.93 (SD=0.18) na may deskripsiyong lubusang tinatanggap.

**Talahanayan 3. Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong *Booklet* Bilang Kagamitang Pampagtuturo ng mga Guro**

| Pamantayan | SD | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.00 | 5.00 | Lubusang Tinatanggap |
| 2. Nilalaman | 0.33 | 4.88 | Lubusang Tinatanggap |
| 3. Pormat | 0.28 | 4.86 | Lubusang Tinatanggap |
| 4. Presentasyon at organisayon | 0.00 | 5.00 | Lubusang Tinatanggap |
| 5. Pagsasanay | 0.28 | 4.92 | Lubusang Tinatanggap |
| **Kabuoan** | **0.18** | **4.93** | **Lubusang Tinatanggap** |

Ipinamamalas ng Talahanayan 4 ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagkatuto ng mga estudyante. Ayon sa pamantayang layunin na may *mean* iskor na 4.90 (SD=0.30), sinusundan naman ito ng presentasyon at organisasyon na nakakuha ng *mean* iskor na 4.87 (SD=0.34) na magkakatulad na nakakuha ng deskripsiyong lubusang tinatanggap. Ang mga pamantayang nilalaman at pagsasanay naman ay parehong nakakuha ng *mean* iskor na 4.80 (SD=0.41) at ang panghuli na pamantayang pormat ay may *mean* iskor na 4.70 (SD=0.44) na pare-pareho ding nakakuha ng deskripsiyong lubusang tinatanggap. Sa kabuoan, ang antas ng akseptabiliti ng nabuong *booklet* bilang kagamitang pampagkatuto ng mga estudyante ay may *mean* na 4.81 (SD=0.38) na kakikitaan ng deskripsiyong lubusang tinatanggap.

**Talahanayan 4. Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong *Booklet* Bilang Kagamitang Pampagkatuto ng mga Mag-aaral**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

| Pamantayan | SD | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.30 | 4.90 | Lubusang Tinatanggap |
| 2. Nilalaman | 0.41 | 4.80 | Lubusang Tinatanggap |
| 3. Pormat | 0.44 | 4.70 | Lubusang Tinatanggap |
| 4. Presentasyon at organisayon | 0.34 | 4.87 | Lubusang Tinatanggap |
| 5. Pagsasanay | 0.41 | 4.80 | Lubusang Tinatanggap |
| **Kabuoan** | **0.38** | **4.81** | **Lubusang Tinatanggap** |

Mapagtanto sa Talahanayan 5 na mas mataas ang *t-computed value* (-3.011) kaysa sa *p-value* (.009) na kung saan ay nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ng resulta ng akseptabiliti ng kaguruan at mga estudyante. Ito ay nagpapahiwatig ng istadistikang kahalagahan kaya hindi tinatangap ang haypotesis dahil may makabuluhang kaibahan sa pagitan ng guro at mag-aaral sapagkat mas mataas ang *average* na nakuha ng mga guro kaysa sa mga mag-aaral.

**Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Akseptabiliti ng mga Guro at mga Mag-Aaral sa Nabuong *Booklet* Bilang Kagamitang Pampagtuturo at Pampagkatuto**

| Pangkat | SD | Mean | t-value | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | 0.16 | -.13 | -3.011 | .009 | May makabuluhang kaibahan |

*at 0.05 antas ng kahalagahan*

## INTERPRETASYON

Mula sa resulta ng pananaliksik, inilalahad na ang mababang *mean* iskor na 12.37 at mataas na *standard deviation* na 4.26 ay nagpapahiwatig na ang kasanayan sa bokabularyo sa Filipino ng mga estudyante ay napakababa. Ipinapakita lamang ng resulta na sila ay nahihirapan pagdating sa pagpapakahulugan ng mga salita mula sa literal na kahulugan o sariling pagpapakahulugan. Kaugnay nito, mula sa pananaliksik nina Guzman at Sunio (2024), lumitaw na pagkabigo ang kinalalabasang kakayahan sa bokabularyo ng estudyante. Sinuportahan din ito nina Vossoughi at Zargar (2009), maaaring maunawaan ng mga estudyante ang kabuluhan ng pagpapayaman ng bokabularyo, ngunit sa kabilang banda, marami ang nakararanas ng samut-saring problema sa proseso ng pagkatuto.

Ang antas ng balidity ng nabuong *booklet* ay may *mean* iskor na 4.93 at *standard deviation* na 0.15 na nangangahulugang balidong kagamitang pampagtuturo ng kaguruan at kagamitang pampagkatuto ng mga estudyante para sa pagtuturo at pagkatuto ng talasalitaan sa Filipino 8. Ipinakikita ng resulta na ang *booklet* ay balidong kagamitan para sa pagpapaunlad ng kakayahang pagpapakahulugan sa mga salita o pahayag,

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 51-60

maging sa pagpapataas ng komprehensyon lalo na sa gawaing pagganap na pagbabasa. Tumutugma ito sa pananaliksik ni Gloria (2021) na isinaad ni Baumann (2012), natuklasan na ang mga metodo sa bokabularyo ay pangunahing kailangan para sa pagtataguyod ng kagalingan sa pagbasa. Binigyang diin din ito ni Nugruho (2023) tungkol sa kanyang inilahad na epektibo ang mga estratehiyang pambokabularyo sa kaparaanang aktibidad gaya ng pagtatasa na nabanggit na kinakailangang dumaan sa pagsusuri upang maging kapaki-pakinabang at makabuluhan ang panloob at panlabas o disenyo ng materyal na gagamitin para sa paglinang ng kaalaman sa talasalitaan.

Lubusang tinatanggap ng kaguruan ang nabuong awtput na *booklet* na may *mean* iskor na 4.93 at *standard deviation* na 0.18 na nagpapahiwatig na tinatanggap ito bilang kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagbibigay ng solusyon sa suliraning kahirapan sa pagpapakahulugan ng mga salita sa Filipino. Kahalintulad ito sa pagsisiyasat ng pananaliksik nina Kuo at Lee (2021) na ang paglalapat ng samut-saring mga metodo sa pagkatuto ng talasalitaan ay may malaking ambag sa estudyante na mapadali at mapagaan ang pagkatuto, maging ang mapahusay sa kasanayan sa pagbabasa at pag-intindi.

Lumilitaw sa resulta na ang antas ng akseptabiliti ng mga estudyante ay nakakuha ng mataas na *mean* iskor na 4.81at mababang *standard deviation* na 0.38. Ito ay nagpapahiwatig na lubusang tinatanggap ng mga estudyante ang nabuong awtput na *booklet* at maaasahang kagamitang pampagkatutong makatutulong para sa pagpapadali ng pagkatuto, pagpapalawak ng pag-unawa sa aralin, pagbibigay ng interaktibong karanasan, at pagpapasigla ng kaalaman. Sinuportahan ito ng pananaliksik ni Tiwari (2023), isinaad niya na ilan sa mga pamamaraang maaaring gamitin para sa pagkatutong pambokabularyo. Kaugnay nito, sinabi nina Simatupang at Derin (2020), ang usaping pambokabularyo ay isang mahalagang saligan sa kahusayan sa paglapat ng wika, na nagsisilbing batayan para sa mga wastong pagpapayaman ng apat na makrong kasanayan.

Bilang pagsusuri sa *t-test* na may mataas na *t-computed value* na -3.011 kaysa sa *p-value* na .009, ito ay nangangahulugan ng bahagyang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng kaguruan at estudyante sa nabuong *booklet* bilang instrumentong pampagtuturo at pampagkatuto. Batay sa kakayahang pang-akademiko na napatunayan sa resulta ng unang suliranin ng pag-aaral, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagpapakahulugan kaya ito ay maaaring dahilan ng kaibahan nila sa pagtanggap kaysa sa mga guro. Sa kabila ng makabuluhang pagkakaiba, ang mga guro ay positibo pa rin ang pagtanggap sa nabuong *booklet* na nagbibigay ng mahahalagang impormasyon at ideya batay sa mga pamamaraang maaaring gamitin para sa pagpapabuti ng pagtuturo pagdating sa pagpapakahulugan ng mga salita. Kinakatigan ito ng pagsisiyasat nina Perez at Petras (2019), ang pagkatuto ng tamang gramatika ay isang mahalagang bahagi upang makasabay sa pagbabagong nagaganap sa wika.

## KONKLUSYON

Ang kasanayan sa bokabularyo ng mga estudyante sa Baitang 8 ay napakababa, kapwa sa pagpapakahulugang denotatibo maging sa konotatibo. Nagpapahayag ito na nahihirapan sila sa pag-unawa ng literal at pansariling kahulugan ng mga salita. Ipinapakita nito na hindi pa sapat ang kaalaman at pamilyaridad sa mga kahulugan ng mga salitang Filipino.

Ang TalasaPamamaraan bilang awtput ng pag-aaral ay nagpapakita ng pagiging balido bilang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto sa Filipino 8. Ito ay isang maaasahang kagamitan para sa

pagtuturo at pagkatuto ng talasalitaan gamit ang iba’t ibang mga pamamaraan na nakapaloob dito para sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng kakayahang pagpapakahulugan sa mga salita o pahayag.

Tinatanggap ng kaguruan bilang isang kagamitang pampagtuturo ang nabuong TalasaPamamaraan. Ito ay may malinaw na layunin, maayos na organisasyon, at kaangkupang disenyo, pati na rin ang mga pagsasanay na tumutugon sa pangangailangan ng mga estudyante. Kalidad na kasangkapan na magiging patnubay para sa pagtuturong may kalakip na materyal upang mas lalong maintindihan ang kahulugan ng mga salitang hindi pamilyar sa bawat teksto o araling pinag-uusapan. Dulot nito ay mas magiging epektibo ang pagtuturo tungo sa makabuluhang pagkatuto.

Lubusang tinatanggap din ng mga mag-aaral bilang kagamitang pampagkatuto ang nabuong TalasaPamamaraan. Ito ay kapaki-pakinabang na makatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto at pagpapalawak ng kaalaman sa talasalitaan. Ang maayos na presentasyon, organisasyon, nilalaman, at disenyo ng TalasaPamamaraan ay nagpapalakas ng kakayahan ng mga estudyante sa pag-unawa.

May makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng kaguruan maging sa mga estudyante kung saan higit na tinatanggap ng kaguruan ang TalasaPamamaraan kaysa sa mga estudyante. Gayunpaman, naging positibo ang pagtanggap ng mga guro dahil ito ay kapaki-pakinabang bilang kagamitang pampagtuturo.

Sa kabuoan, itinuturing na balido at katanggap-tanggap ang TalasaPamamaraan bilang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto na magsisilbing materyal para sa pagpapalawak ng kakayahan sa pag-unawa ng mga salita.

**SANGGUNIAN**

Abillao, J., et al. (2024). *Concept Map: Estratehiya sa Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies,* Vol.4, Issue.12

Balisalisa, C.et. al, (2024). Word Network Association Activities: Pagpapalawak Ng Bokabularyo Sa Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikasiyam Na Baitang. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10 (9)*

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Bastasa, G., & Cerna, C. (2025). Mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa sekondaryang edukasyon sa mayoryang Filipino: Isang deskriptibo-komparatibong pag-aaral. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, *11*(1)

Brigada News Philippines. (2021). *Brigada Pagbasa, malaking tulong sa mga learners at mga magulang ngayong pandemya*. DepEd Bicol. https://www.bicol.doe.gov.ph/brigada-pagbasa-malaki-tulong-sa-mga-learners-at-mga-magulang-ngayong-pandemya

Cruz, M. P., & Dizon, A. P. (2021). *A proposed natural science e-instructional systems design (E-ISD) for the Mendiola Consortium*. San Beda University. https://www.sanbeda.edu.ph

Decena, A. J. (2021). A Survey on the Reading Difficulties Of K-12 Learners In Selected Tagalog-Speaking Provinces: Basis for Intervention . International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 219–226. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/61

Department of Education - Koronadal City. (2022). *DM CID No. 127, s. 2022 Conduct of Monitoring in EOSY/Reading and Numeracy Remediation and Brigada Pagbasa Initiatives.* [Facebook post]. Facebook. https://www.facebook.com/DepEdTayoKoronadalCity/posts/pfbid0QBcEGFrsSZkPSXho1DbyAfdtWEzxmCwEszFSg7XmdDR5Cnt1syeQC41ne8snS2Sgl

Eijansantos, A. M., Alieto, E. O., Emmanuel, M. S., Pasoc, M. G. O., & Bangayan-Manera, A. (2021). Interspeaker variation in the negated perfective aspect of Zamboanga Chavacano. Linguistics and Culture Review, 5(S3), 287-309. https://doi.org/10.21744/lingcure.v5nS3.1528

Fernandez, K. (2021). *Antas ng pag-unawa at pagbasa ng teksto ng mga mag-aaral*. Scribd. https://www.scribd.com/document/524519670/Antas-ng-Pag-Unawa-at-Pagbasa-ng-Teksto-ng-mga-Mag-aaral

Garcia, M. (2021). *Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong supplemental na modyul sa pagganap ng mga mag-aaral*. *EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)*, *6*(1), 1-10. https://doi.org/10.36713/epra7748

Gloria, A. (2021). *Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Hunt, M., at Feng, J. (2016). *Improving vocabulary of English language learners through direct vocabulary instruction* (ED565637). ERIC. https://eric.ed.gov/?q=Importance+of+vocabulary&ft=on&id=ED565637

Lacuata, R. (2019). *Mga mag-aaral na Pinoy, pinakamahina sa 79 bansa sa pag-intindi ng binabasa: PISA*. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/spotlight/12/04/19/mga-mag-aaral-na-pinoy-pinakamahina-sa-79-bansa-sa-pag-intindi-ng-binabasa-pisa

Lazaro, K. (2013). *Antas ng kakayahan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa pagbasa sa asignaturang Filipino* [Unpublished thesis]. Retrieved from https://www.academia.edu/35591836/Thesiskabanata1_5NEW

Remate News Central. (2024). *Learning recovery strategy inilabas ng UNICEF kasabay ng balik-eskwela*. Remate. https://www.remate.ph/learning-recovery-strategy-inilabas-ng-unicef-kasabay-ng-balik-eskwela/

Sunio, C., at Guzman, R. (2024). Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, *10*(4). https://doi.org/10.36713/epra2013

Valdez, E. (2016). *Pagpapalawak ng talasalitaan sa pamamagitan ng association o word network sa mga mag-aaral ng Grade 9-Sampaguita, SY-2015-2016 ng Dili National High School*

Villegas, G. (2018). *Paraang ginagamit sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang ng mataas na paaralan ng Malvar* [Master’s thesis, Unibersidad ng Malvar]. Scribd. https://www.scribd.com/document/424947744/2nd-Part-Thesis-Bib